



Sa Lahat ng Papasok sa Japan (Tunkol sa pag-install ng mga kinakailangang app)

Sa 14 na araw mula pagpasok sa Japan, **kailangang i-install at gamitin ang mga sumusunod na app** sa iyong smartphone upang matiyak na ikaw ay nananatili sa iyong bahay o hotel.

*Sa panahon ng pagpasok sa Japan, hihilingin namin na magsumite ka ng Nakasulat na Pangako kung saan nakasaad na, sa 14 na araw mula pagpasok sa bansa, mananatili ka sa iyong bahay atbp., gagamitin mo ang mga app na pang-kumpirma ng lokasyon, atbp. Kung hindi mo tuparin ang mga nasabing pangako, maaaring ilathala sa publiko ang iyong pangalan atbp. Maaaring mapailalim ang mga dayuhan sa proseso upang bawiin ang kanilang status of residence at proseso sa pag-deport batay sa Immigration Control Act.

① Pag-install ng OEL (app na pang-kumpirma ng lokasyon)	Kailangan ito upang iulat ang iyong lokasyon.	Pahina 3
② Pag-install ng at Pag-sign up sa Skype o WhatsApp (app na pang video call)	Upang kumpirmahin ang iyong lokasyon, maaari kang tawagan ng taong namamahala sa pamamagitan ng video call. Kailangan mo itong sagutin.	Pahina 4
③ Setting ng Pag-save ng Impormasyon Ukol sa Lokasyon sa Iyong Smartphone (Setting sa Google Maps atbp.)	Kapag ikaw ay naging positibo atbp. pagkatapos pumasok sa Japan, kailangang ipakita ang tala ng impormasyon ukol sa lokasyon sa health care center atbp.	Pahina 9
④ Pag-install ng COCOA (Contact Confirming Application)	Maaari kang makatanggap ng notipikasyon tungkol sa pagkakaroon ng contact kasama ng taong impektado ng COVID-19.	Pahina 11

* Kung hindi mo pa na-install o na-set up ang mga kinakailangang app bago ng iyong pagdating, maaaring mas matagal ang iyong paghintay sa paliparan kaysa sa iba.

Sa panahon ng pagpasok sa Japan, susuriin namin ang iyong smartphone sa quarantine area ng paliparan.

Kung wala kang smartphone o hindi ma-install ang mga app sa iyong smartphone, hihilingin namin na mag-rent ka ng smartphone sa paliparan sa panahon ng pagpasok sa Japan (sagot mo ang bayarin para rito).

Maaaring i-install ang bawat app sa pamamagitan ng mga sumusunod na QR code.

① Pag-install ng **OEL**
(app na pang-kumpirma ng lokasyon)

Magagamit para sa Play Store at App Store



② Pag-install ng **Skype**
(app na pang video call)

* Kung dati mo nang ginagamit ang WhatsApp, maaari rin kaming makipag-ugnayan sa iyo gamit nito.

Magagamit para sa Play Store at App Store



③ Setting ng Pag-save ng
Impormasyon Ukol sa Lokasyon sa
Iyong Smartphone
(Setting sa Google Maps atbp.)

Play Store (Android)

*Kadalasan, naka-install na ito bilang default.



*Hindi kailangang i-install ang app para sa iPhone.

④ Pag-install ng **COCOA**
(Contact Confirming Application)

Magagamit para sa Play Store at App Store



① Pag-install ng OEL


Kukumpirmahin ng Health Monitoring Center for Overseas Entrants ang iyong kinaroroonan sa 14 na araw na panahon ng pananatili sa hotel o bahay.

Ang app na ito ay para sa pagtugon sa mga katanungan mula sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants at pag-ulat ng impormasyon ukol sa iyong kasalukuyang lokasyon.

Para sa Play Store




Para sa App Store



Mangyaring i-download ang app gamit ang QR code sa pahina 2 o sa pamamagitan ng paghanap sa Play/App Store ng **“Overseas Entrants Locator”**.

*Logo ng app:



<Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng OEL>

Ang app na ito ay maaaring gamitin **pagkatapos pumasok sa Japan** at pagkatapos matanggap ang gabay sa paggamit mula sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants na ipadadala sa pamamagitan ng email.

Hindi maaaring mag-log in o gamitin ang app hangga't hindi na ipadadala ang gabay sa paggamit, kaya mangyaring kumpletuhin lamang ang mga hakbang hanggang sa pag-download at pag-set up ng app upang payagan ito na magbigay ng notipikasyon bago pumasok sa Japan.

Ang email ng gabay sa paggamit ay manggagaling sa followup@emergency.co.jp.



Pagkatapos simulan ang paggamit ng app, pagkadating mo sa bahay o hotel kung saan ka mananatili, buksan ang app at pindutin ang “Check in”.

Pagkatapos simulan ang paggamit ng app, makatatanggap ka ng notipikasyon mula sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants kung saan hihilingin ang iyong kasalukuyang lokasyon.

Pindutin ang markang “I’m Here!” upang iulat ito.

② Pag-install ng at Pag-sign up sa Skype o WhatsApp

Sa 14 na araw mula pagpasok sa Japan, maaari kang tawagan ng taong namamahala sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants sa pamamagitan ng video call upang kumpirmahin ang iyong lokasyon.

Kung dati mo nang ginagamit ang WhatsApp at nais mong makipag-ugnayan kami sa iyo gamit nito, gagamitin namin ang WhatsApp upang kumpirmahin ang iyong kinaroroonan sa Japan.

Kung nais mong makipag-ugnayan kami sa iyo gamit ang WhatsApp, mangyaring ilagay ang phone number na nakatakda sa iyong WhatsApp account sa angkop na puwang ng questionnaire na isusumite mo sa quarantine area ng paliparan.

Sa panahon ng pagpasok sa Japan, kukumpirmahin namin ang phone number na nakatakda sa iyong WhatsApp account sa quarantine area ng paliparan. Dagdag dito, on the spot na tatawagan ng staff ang iyong account upang siguraduhin ang pagtanggap ng tawag, kaya mangyaring payagan ang setting ng pagbigay ng notipikasyon sa app.

Kung WhatsApp ang gagamiting app, kapag kukumpirmahin ang iyong kinaroroonan pagkatapos pumasok sa Japan, manggagaling ang tawag mula sa cellphone number ng Health Monitoring Center for Overseas Entrants. (Hindi lalabas ang pangalan mismo ng Center sa notipikasyon ng pagtawag)

Paraan ng Pag-install at Pag-set up ng Skype

Kung hindi mo kasalukuyang ginagamit ang WhatsApp, mangyaring i-install ang Skype at mag-set up ng account para rito. (→Sumangguni sa mga sumusunod na pahina para sa pamamaraan)

Mangyaring gamitin ang parehong email address na gagamitin para sa pag-follow up sa iyong kalusugan pagkatapos ng pagpasok sa Japan.

Sa panahon ng pagpasok sa Japan, kukumpirmahin namin ang email address na iyong itinakda para sa Skype sa quarantine area ng paliparan. Dagdag dito, on the spot na tatawagan ng staff ang iyong account upang siguraduhin ang pagtanggap ng tawag.

* Kung dati mo nang ginagamit ang Skype, mangyaring tiyakin na ang nakarehistrong “email address” sa “Skype profile” ay kapareho ng email address na gagamitin para sa pag-follow up sa iyong kalusugan pagkatapos ng pagpasok sa bansa.

Kung ang nakarehistrong “email address” sa iyong “Skype profile” ay iba sa email address na gagamitin para sa pag-follow up sa iyong kalusugan pagkatapos ng pagpasok sa bansa, mangyaring “i-edit” ang “email” sa pamamagitan ng pagpunta sa “Profile” → “Magdagdag ng email”, at idagdag ang email address para sa pag-follow up sa iyong kalusugan.

< Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng Skype >

- ① Ang tawag upang kumpirmahin ang iyong lokasyon ay manggagaling sa “Health Monitoring Center for Overseas Entrants”.
(Ang pangalan ng Center ay lalabas sa notipikasyon ng pagtawag)
Kapag nakatanggap ng tawag, mangyaring buksan ang camera at sagutin ito.
- ② Mangyaring gawing “Active” ang iyong status sa Skype.
- ③ Ang “Health Monitoring Center for Overseas Entrants” ay isang account na nakatuon sa mga papalabas na tawag.
Kahit na tawagan mo ito, hindi namin ito masasagot.
Kung hindi mo nasagot ang tawag mula sa “Health Monitoring Center for Overseas Entrants”, muli ka naming tatawagan, kaya mangyaring hintayin ito.
- ④ Hindi maaaring makipag-chat sa account ng “Health Monitoring Center for Overseas Entrants”.
Kahit na magpadala ka ng mensahe sa chat, hindi namin ito matutugunan.
- ⑤ Kung hindi namin mahanap ang iyong account gamit ang email address na binigay mo, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng email o telepono.

② Pag-install ng at Pag-sign up sa Skype

Paraan ng Pag-set up ng Skype

1. I-download at i-install ang app.

Gamitin ang QR code sa pahina 2 / URL sa ibaba, o hanapin gamit ang “Skype”.

*Dahil maraming katulad na app, mangyaring sumangguni sa ibaba para sa pangalan ng app.
(Mangyaring i-install ang “Skype”, at hindi ang “Skype for Business”).

■ Para sa mga gumagamit ng iPhone

Pangalan ng app: Skype for iPhone

<https://apps.apple.com/app/apple-store/id304878510>

■ Para sa mga gumagamit ng Android

Pangalan ng app: Skype - free IM & video calls

<https://play.google.com/store/apps/details?id=com.skype.raider>


2. Gumawa ng Skype account. (Kung dati ka nang may account, magpatuloy sa **pahina 8, bilang 4.**)

1) Buksan ang app



2) Ilagay ang iyong email address.

*Magrehistro sa pamamagitan ng **email address** at hindi gamit ang phone number.




② Pag-install ng at Pag-sign up sa Skype


2)-1 [Kung lumabas ang mensaheng “Dati nang nakarehistro” (mga sumusunod na larawan)]



② Ilagay ang **email address** na sinulat/susulatín mo sa questionnaire na isinumíte/isusumíte sa quarantine area ng paliparan



⑥ Ilagay ang passcode na dumating sa email



Sa susunod na screen, ilagay ang iyong nakarehistrong email address at ang password na naka-set sa ⑧ upang mag-log in

Magpatuloy sa “3. I-set up ang app.”

3) Ilagay ang iyong pangalan at ang code na natanggap mo sa email


① Ilagay ang iyong pangalan



② "Next"



③ Ilagay ang code na dumating sa email address na iyong nirehistro sa "2-2) ①"



④ "Next"



4) Sagutin ang ilang puzzle at kumpletuhin ang paggawa ng account. (pagkumpirma na hindi ka robot) 《Halimbawa ng puzzle》 *Maraming iba’t ibang uri ng puzzle.




3. I-set up ang app.

Itakda ang lahat ng lumabas na dialog box na humihingi ng pahintulot bilang “OK” o “Payagan”.

① "Skip"



② "Magpatuloy"




③ Mikropono: "OK"



④ Camera: "OK"



⑤ Notipikasyon: "Payagan"



Pagkumpleto ng set up



② Pag-install ng at Pag-sign up sa Skype

4. Kung gagamit ng account na dati nang naka-set up

1) Buksan ang “Settings” o “Mga Setting”.

■ iPhone

- Settings → Ilagay ang “Skype” sa search box sa itaas at pindutin ang “Skype” mula sa resulta.




■ Android

- Mga Setting → Ilagay ang “Skype” sa search box sa itaas at pindutin ang “Skype” mula sa resulta.
- Pindutin ang “Mga Pahintulot”.



2) Buksan ang Skype app at mag-log in.

3) Buksan ang iyong profile.




③ Setting ng Pag-save ng Impormasyon Ukol sa Lokasyon sa Iyong Smartphone

Ang setting na ito ay kinakailangan upang maipakita sa health care center atbp. ang nakatalang impormasyon ukol sa lokasyon kung naging positibo ka sa loob ng 14 na araw mula pagpasok sa Japan.

1. Para sa mga gumagamit ng Android, mangyaring sundin ang mga hakbang sa ibaba.


HAKBANG 1

Buksan ang “Google Maps app” sa iyong Android smartphone o tablet.



HAKBANG 2

Pindutin ang “Profile picture” o “Bilog na icon para sa paunang account”.



HAKBANG 3

Pindutin ang icon ng “Ang iyong Timeline”.



HAKBANG 4

Pindutin ang icon para sa “Iba pa” at piliin ang “Mga setting at privacy”.



HAKBANG 5

Tiyaking “Naka-on ang Lokasyon” at “Naka-on ang Location History”. Kung hindi, gawing “Naka-on” ang mga ito.



HAKBANG 6

Pindutin ang “Naka-on ang Location History” at tiyaking may check ang “Mga device sa account na ito”.



* Ang kawastuhan ng impormasyon ukol sa lokasyon ay maaaring maapektuhan ng lakas ng signal.


③ Setting ng Pag-save ng Impormasyon Ukol sa Lokasyon sa Iyong Smartphone

Ang setting na ito ay kinakailangan upang maipakita sa health care center atbp. ang nakatalang impormasyon ukol sa lokasyon kung naging positibo ka sa loob ng 14 na araw mula pagpasok sa Japan.

2. Para sa mga gumagamit ng iPhone, mangyaring sundin ang mga hakbang sa ibaba.

HAKBANG 1

Pindutin ang “Settings” sa home screen



HAKBANG 2

Mula sa “Settings” screen, pindutin ang “Privacy”



HAKBANG 3

Pindutin ang “Location Services”



HAKBANG 4

Pindutin ang “System Services”



HAKBANG 5

Tiyaking naka-on ang setting para sa “Significant Locations”



Sangguni

“About Location Services & Privacy”



*Ang kawastuhan ng impormasyon ukol sa lokasyon ay maaaring maapektuhan ng lakas ng signal.
*Ang Significant Locations ay hindi nababasa ng Apple. Para sa detalye, mangyaring sumangguni sa “About Location Services & Privacy” na matatagpuan sa setting screen ng “Significant Locations”.

④ Pag-install ng COCOA (Contact Confirming Application)

COVID-19 Contact Confirming Application
Isang app na nagbibigay-daan sa iyo upang makatanggap ng notipikasyon tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng contact kasama ng taong impektado ng COVID-19.

Para sa Play Store



Para sa App Store



Hanapin ang “COCOA” sa App Store para sa iPhone o Play Store para sa Android, at i-download ang app.

*Logo ng COCOA:



< Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng COCOA >

Sa pagsang-ayon ng user, gagamitin ng app ang short-range communication function (Bluetooth) ng iyong smartphone upang magbigay-daan sa iyo na makatanggap ng notipikasyon tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng contact kasama ng taong positibo sa COVID-19, habang sinesigurong nananatiling pribado ang personal na impormasyon ng bawat isa.

Sa pamamagitan ng pag-alam ng posibilidad ng pagkakaroon ng contact kasama ng positibong tao, makatatanggap ang user ng suporta tulad ng maagang pagtanggap ng test mula sa health care center.



Pagkatapos i-download ang app, **mangyaring simulan ang paggamit nito pagkatapos pumasok sa Japan** (hal., pagsang-ayon sa Patakaran sa Paggamit atbp.).

*Kung subuking simulan ang paggamit nito pagkatapos i-install sa labas ng Japan, magresulta ito sa “error sa komunikasyon”.

Tungkol sa Pag-rent ng Smartphone

Sa panahon ng pagpasok sa Japan, susuriin namin ang status ng pag-install at setting ng mga app sa quarantine area ng paliparan.

Kung wala kang smartphone o kaya hindi namin makumpirma ang pag-install at mga setting dahil **hindi suportado ng iyong smartphone ang mga app, hihilingin namin na mag-rent ka ng smartphone (sagot mo ang bayarin para rito) sa paliparan.**

* Kailangan mong maghanda ng credit card.

Para sa halaga atbp. ng pag-rent, mangyaring sumangguni sa website atbp. ng kumpanya bago ng iyong pagdating.

Kumpanya na nagpapa-rent ng smartphone sa loob ng quarantine area (impormasyon noong Marso 25)

Vision Inc. <https://www.vision-net.co.jp/news/20210319002098.html>

Iba Pang mga Dapat Tandaan

Sa panahon ng pagpasok sa Japan, hihilingin namin na magsumite ka ng Nakasulat na Pangako kung saan nakasaad na, sa 14 na araw mula pagpasok sa bansa, mananatili ka sa iyong bahay atbp., gagamitin mo ang mga app, atbp.

Kung hindi mo tuparin ang mga nasabing pangako, maaaring ilathala sa publiko ang iyong pangalan (kung dayuhan, ang pangalan at nasyonalidad) at iba pang impormasyong makatutulong upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon. Maaaring mapailalim ang mga dayuhan sa proseso upang bawiin ang kanilang status of residence at proseso sa pag-deport batay sa Immigration Control Act.

Para sa iba pang mga bagay na kailangan sa pagpasok sa Japan, mangyaring sumangguni sa mga sumusunod.

Tungkol sa pagkuha/pagsumite ng Sertipiko ng Inspeksyon, pagsumite ng Nakasulat na Pangako, atbp.

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000121431_00209.html

Pagsagot ng online questionnaire

<https://arqs-qa.followup.mhlw.go.jp/>

Kinakailangan ang mga ito upang maprotektahan ang inyong kalusugan at maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng COVID-19.

Maraming salamat sa inyong pag-unawa at kooperasyon.